

ACTIVITY


A. Kumpletuhin ang crossword puzzle.

Pahalang

1. Natatanging matuwid at mabuting taon nang panahong iyon
3. Ibong pabalik-balik hanggang matuyo ang tubig sa lupa
6. May tangay na sariwang dahon ng olibo
7. Nakita ng Diyos na laganap sa buong daigdig
9. Bilang ng araw na bumuhos ang ulan

Pababa

2. Kasama ni Noah sa barko bukod sa kanyang pamilya
4. Itinayo ni Noah upang maghandog sa Diyos
5. Pinalitaw ng Diyos sa ulap bilang tanda ng Kanyang pangako
8. Pinagawa ng Diyos kay Noah na may sukat



B. Sagutin ang mga tanong

- Bakit napagpasyahan ng Diyos na gunawin ang mga may buhay na Kanyang nilikha?

- Paano naging matuwid at mabuting tao si Noah?

- Sa paanong paraan mo maaaring tularan si Noah?

- Nangako ang Diyos na hindi na Niya na wawasakin sa pamamagitan ng baha ang lahat ng may buhay. Anong tanda ng Kanyang pangako ang pinalitaw Niya sa ulap?

Iguhit sa loob ng box ang iyong naging sagot at kulayan ito.



Napakagandang pagmasdan ng bahaghari. Higit na maganda ang kahulugan nito. Sa tuwing nakakakita tayo ng bahaghari o rainbow dapat tayong magalak at magpasalamat sa Diyos sapagkat ito ay tanda ng Kanyang pangako sa atin.



Mababasa sa Genesis 6:15-16 ang sukat ng barko na pinagawa ng Diyos kay Noah. Ang sabi sa information na aking nabasa ito ay halos kasing haba ng anim na basketball courts at kasing taas ng apat na palapag na building. Talaga namang napakalaki nito! Matatandaan na ang gumawa lamang nito ay si Noah at ang kanyang tatlong anak na lalaki. Wala pang mga malalaking kagamitan noong panahon na iyon upang mapadali ang kanilang paggawa. Wala rin ibang tao na tumulong sa kanila. Ngunit kahit gaano kahirap ito ay nagtiwala at sumunod si Noah sa inutos ng Diyos sa kanya. At dahil dito ay naligtas siya at ang kanyang pamilya.



C. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang tanong.

Matapos maghapunan ng pamilya Reyes, pinaalalahanan ni nanay si Leo na mag-aral ng kanyang leksyon sa math. Nahihirapan si Leo sa multiplication at division kaya naman naghanda ng activity sheet ang kanyang ate Micah upang sanayin si Leo.

Leo: Naku ate hindi ko na kailangan magpractice, meron naman calculator. Gagamitin ko na lang yun, wala pang kahirap-hirap.

Micah: Hindi sa lahat ng pagkakataon ay makakagamit ka ng calculator. Paano na lang kung mag-test kayo at wala kang masagot. Baka bumagsak ka nyan. Practice makes perfect. Tyagain mo lang at magiging madali na sa iyo mag-solve.

Hindi nakinig si Leo sa paalala ng kanyang ate. Kinabukasan sa klase ni Mr. Torres ay nagpa-activity ito upang matest ang kakayanan ng studyante sa multiplication at division. Nang ilalabas na ni Leo ang kanyang calculator, sinabi ng kanyang teacher sa klase na bawal silang gumamit nito upang malaman kung nauunawaan nila ang lesson.

Mga Tanong:

- Ano sa iyong palagay ang mangyayari kay Leo habang nagsasagot ng activity?

- Ano sa iyong palagay ang magiging resulta ng hindi pakikinig ni Leo sa kanyang nanay at ate?
-

- Kung ikaw si Leo anong gagawin mo?
-

Tayong mga bata ay minsan ayaw na nahihirapan sa gawain. Gusto natin ay yung gawin ang madali gaya ni Leo. Ayaw maghirap sa pag-aaral kaya naisip ang madaling paraan, gumamit ng calculator. Kadalasan ay hindi rin tayo nakikinig at sumusunod sa ating magulang o kaya ay nakakatandang kapatid. Tularan natin si Noah. Kahit mahirap siya ay nakinig at sumunod sa Diyos. Ang pakikinig at pagsunod sa payo ng ating mga magulang at nakakatandang kapatid ay makakapag-iwas sa atin sa kapahamakan.



D. **Memory Verse**

Pero sumagot si Jesus, "Higit na pinagpala ang mga nakikinig sa salita ng Diyos at tumutupad nito!" **Lucas 11:28**